Naiibang Panrelihiyong Pagtuturo-Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang (CFMD145) February 2019

Impormasyon para sa mga magulang

Itinatadhana ng Batas ukol sa Pagbabago ng Edukasyon at Pagsasanay 2006 (*Education and Training Reform Act 2006)* na dapat walang kaugnayan sa relihiyon ang mga paaralan ng pamahalaan. Ang tanging eksepsyon sa tuntuning ito ay ang hindi-sapilitang Naiibang Panrelihiyong Pagtuturo (SRI).

Pahina 1 ng pormularyong ito ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga magulang tungkol sa SRI. Pahina 2 ay binibigyan ang mga magulang ng pagkakataong magpahayag kung nais nila o hindi nila nais na makisali ang kanilang anak sa SRI.

Kung nais ninyong makisali ang inyong anak sa SRI, paki-sauli ang pormularyong ito sa petsang hindi lalampas sa tiniyak na petsa sa Pahina 2.

Paunawa: Ang SRI ay hindi dapat mapagkamalian sa karaniwang edukasyong panrelihiyon na maaaring ipinagkakaloob sa lahat ng mga mag-aaral sa kurikulum ng paaralan at nagbibigay ng karunungan tungkol sa mga pananampalataya sa mundo at mga kaayusang ukol sa paniniwala na walang kinalaman sa relihiyon na tutulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mundo sa paligid nila at kumilos nang may pagpapaubaya at paggalang sa lahat ng mga kultura.

Ano ang Naiibang Panrelihiyong Pagtuturo?

Ang SRI ay "pagtuturong ibinibigay ng mga simbahan at mga panrelihiyong grupo at nakabatay sa mga namumukod na mga panrelihiyong doktrina at mga pananampalataya. Maaaring kabilang dito ang mga nakasulat na pag-aaral, at pagtuturo tungkol sa paraan ng pamumuhay at pag-uugali ayon mga paniniwala ng isang natatanging pananampalataya.

Ang SRI ay isang 'pinipiing makisali' ('opt-in') na karagdagang gawaing labas sa akademikong kurikulum (extra-curricular activity) na nagbibigay ng paguturo sa isang partikular na pananampalataya, at ipinagkakaloob ng isang simbahan o ng ibang panrelihiyong grupo.

Dahil sa partikular na panrelihiyong katangian ng SRI, hindi inirerekomenda ng Kagawaran ng Edukasyon at Pagsasanay ang paksa ng programa ng SRI. Ang mga babasahin ng SRI ay makikita online at sa nagbibigay ng SRI para ang mga ito ay mabasa muli ng mga magulang.

Sino ang nagbibigay ng Naiibang Panrelihiyong Pagtuturo?

Ang SRI is ay ginagawa ng mga taong kusang-loob na nag-alok ng serbisyo nang walang bayad na may akreditasyon mula sa isang pinahintulutang magbigay ng SRI na pagtututro. Sa kasalukuyan, ang mga samahang pinahihitulutang magbigay ng akreditasyon sa mga nagtuturo ay:

Relihiyon	Tagabigay Provider	Website ng Tagabigay para sa karagdagang impormasyon	Numero ng Telepono
Kristiyanismo	Korus Connect *[DAAN Paglilingkod]*	https://www.korusconnect.org.au/	1800 063 341
Islam	Arkan Toledo/Islamic Council of Victoria [Arkan Toledo/Konseho ng Islam ng Victoria]	arkan.org.au/	1300 857 797
Hudaismo	United Jewish Education Board [Sanggunian ng Edukasyon ng mga Nagkakaisang Hudyo]	www.ujeb.org.au/	03 9523 6844
Budismo	Religions for Peace Australia (RfP) [Mga Relihiyon para sa Kapapayapaan Australia]	religionsforpeaceaustralia.org.au/	
Pinagkaugaliang Kristiyanismo			
Baha'i na Pananampalataya			
Sikhismo			
Hinduismo			

Ang mga boluntaryong nagtuturo ay may kaugnayan sa isang simbahan o samahang panrelihiyon. Ang kanilang papel ay hindi bilang isang guro. Upang magkaroon ng akreditasyon, dapat sila magsanay sa isa sa mga tagabigay na nakalista sa itaas, at lumagda sa isang Katipunan ng Pag-uugali, na ibinabalangkas ang paraan ng kanilang pag-uugali sa isang paaralan ng pamahalaan. Isang pangangailangan ng akreditasyon ng isang nagboboluntaryohng magturo ay ang pagkakaroon ng isang may-bisang Pagsusuri ukol sa Pagtrabaho kasama ng mga Bata[Working With Children Check].

Pakikisali sa Naiibang Panrelihiyong Pagtuturo

Ang isang mag-aaral ay maaaring pumasok sa SRI sa isang paaralan ng pamahalaan na ang pinakamatagal ay 30 minuto bawat linggo sa oras ng pananghalian, o sa loob ng oras agad-agad bago o agad-agad pagkatapos ng mga oras ng paaralan.

Ang SRI ay hindi sapilitan para sa sinumang mag-aaral. Mapapayagan lamang ng mga paaralan na makisali ang mga mag-aaral sa SRI kung may ibinigay na pahintulot ang kanilang magulang na gamit ang pormularyong ito.

Hinihilingan ang mga magulang na sulatan at isauli ang pormularyong ito sa paaralan kung nais nilang makisali ang kanilang anak sa SRI.

Ang inyong pahintulot para makisali ang inyong anak sa SRI ay para lamang sa programang nakalista sa pormularyong ito. Hindi ito para sa pangkalahatang pahintulot at may-bisa ito hanggang sa katapusan ng taon ng paaralan.

Maaari ninyong alisin ang inyong anak mula sa SRI sa anumang panahon sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa punong-guro ng paaralan.

Karagdagang impormasyon: Ang Ministerial Direction 145 at Department of Education and Training na pamamalakad ay makikita sa http://www.education.vic.gov.au/school/principals/spag/curriculum/Pages/sri.aspx

Naiibang Panrelihiyong Pagtuturo – Pormularyo ng Pahintulot ng Magulang

Pangalan ng Paaralan:

Ang pormularyo ay dapat isauli sa petsang hindi lalampas sa:
……/……/……

Relihiyon	**Tagabigay na nag-bibigay ng akreditasyon**	**Mga detalye ng magtuturo**	**Binalak na panahon at tagal ng programa** (hal. Martes, pagkatapos na pagkatapos ng paaralan para sa Term 1 & 2)	**Grupo ng Edad ng mga mag-aaral na inaanyayahang makisali sa programang SRI**

Kung walang mga detalye ng bawat isa sa mga nagboluntaryo (*ang kanilang pangalan at tagabigay ng akreditasyon) sa panahon ng paglabas ng pormularyong ito, ibibigay ang mga ito sa mga magulang na nagpahayag na nais nilang makisali ang kanilang anak/mga anak sa SRI bago magsimula ang programa. Maaaring pillin ng mga magulang na alisin ang kanilang anak/mga anak sa anumang panahon, sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa punong-guro ng paaralan.

	Paki-tsek	
Pinapatunayan ko na nabasa at naunawaan ko ang impormasyon tungkol sa SRI sa pahina 1	Oo ☐	
Pinapayagan ba ninyo ang pakikisali ng inyong anak sa programang SRI na binalak sa itaas?	Oo ☐	Hindi ☐

Kung ang sagot ninyo ay ‘Oo’, paki-bigay ang mga detalye ng inyong anak/mga anak:

Apelyido ng Mag-aaral	**Pangalan ng Mag-aaral**	**Klase**	**Aling mga progaramang SRI ang pinapayagan ninyong pakisalihan ng inyong anak?**

Nauunawaan ko na maaaring may bayad, na titiyakin ng tagabigay (inaasahang pinakamalaking halaga; $), para sa pagbili ng mga kakailanganing gamit ng inyuong anak sa SRI, at ito ay kokolektahin kapag napagpasyahan na kung ang SRI ay itatakda ang pagsisimula sa paaralan. ☐ (paki-tseka)

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga .....

Lagda:
.....

Petsa: ……/……/……